

Taon XXXIV Blg. 17 Oktubre 7, 2003 www.philippinerevolution.org

Editoryal

Gloria Macapagal-Arroyo, numero unong ipokrita

Pahayag ni Gregorio "Ka Roger" Rosal Tagapagsalita, Partido Komunista ng Pilipinas Oktubre 4, 2003

I umero unong ipokrita si Macapagal-Arroyo sa pagsasabing napilitan lamang siyang magbago ng isip dahil sa "mas mataas na simulain" at tanggapin bilang "malaking sakripisyo" ang kapasya-

hang tumakbo sa 2004. Nakasusuka ang talumpati niyang hayagang pagsisinungaling sa harap ng mamamayang araw-araw na dumaranas ng katakut-takot na kahirapan sa pagkapapet, militarismo, korapsyon at kainutilan ng kanyang rehimen. Nakatambad sa harap ng sambayanang Pilipino kung gaano kalaki ang pakinabang na tinatamasa ni Arroyo at ng kanyang mga kasabwat sa poder sa patuloy na pag-upo niya sa trono ng Malakanyang.

Wala nang bago at kagulat-gulat sa pag-anunsyo ni Gloria Ma-capagal-Arroyo ng kapasyahan ni-yang tumakbo sa darating na halalan sa 2004. Matagal nang alam na alam ng buong bayan ang kanyang pagkagumon sa kapangyarihan na lubusan na niyang pinakinabangan. Tinatalikuran na tuloy siya ng nakapag-iisip na mga dating kaalyado.

Ang totoo'y hindi kaya ni Arroyo na talikdan ang milyun-milyong pisong nakakamkam niya at ng kanyang asawa bunga ng korapsyon at malalaking pribilehiyo sa negosyo. Hindi kaya ni Arroyo na talikdan ang bulong sa kanya ng diyos niyang si Pres. George W. Bush ng US na pikit-mata niyang sinasamba at pinagsisilbihan.

At ano ang mapapala ng sambayanang Pilipino sa




Mga tampok sa isyung ito...

Masaker sa Compostela Valley, kinundena

PAHINA 4

Milyun-milyong pisong nakawan sa PAGCOR PAHINA 6 Rebolusyonaryong unyonismo, lumalawak PAHINA 7 pagnanais ni Arroyo na manatili pa nang anim na taon? Walang dudang ang ihahatid lamang nito ay ibayong kahirapan at pagdurusa sa mamamayang Pilipino; mas malalang korapsyon at ibayong pagkabundat ng mag-asawang Arroyo,

mga anak at mga kasapakat nila; mas masahol na pagpapakatuta sa imperyalismong US at mas malalang armadong interbensyon nito sa Pilipinas; at ibayong pagtindi ng teroristang kara-



Tiyak na todo-todong paglaban ang isasalubong ng mamamayang Pilipino sa inianunsyo ni Arroyo. Para sa mamamayan, napakahaba na ng halos tatlong taong pagkakaluklok sa trono ni Arroyo kung titimbangin ang bigat at dami ng mga problemang pumipipi sa kanilang mga balikat sa ilalim ng kanyang rehimen.

Nagpupuyos na ang damdamin ng mamamayan. "Takbo, Gloria! Tumakbo ka nang palayo! Alis, Gloria, alis! Alis ka na sa Malakanyang!" Ito ang sigaw ng mga gutom; ng mga walang hanapbuhay; ng mga isang kahig, isang tuka; ng mga kabataang hindi makapag-aral; ng mga estudyanteng mulat sa kaapihan at kahirapan; ng mga ordinar-

yong titser at kawani; ng mga ligalig na sundalo; ng mga nangaluluging negosyante. Ito ang sigaw ng sambayanang Pilipino!

Nagtraydor si Arroyo sa EDSA 2. Ang mga kaso ng

korapsyon ng kanyang pamilya at pinakamalalapit na kaibigan at kasapakat sa pulitika ay singlansa ng malalaking kaso ng korapsyon ng kinamuhian at napatalsik na rehimeng Estrada. Samantalang sila'y nangabubundat, ni minsan at ni katiting ay hindi itinaas ang kakarampot na sahod ng mga manggagawa at karaniwang kawani. Ibinaon na sa limot ang reporma sa lupa at kabaligtaran nito'y binigyangdaan ang malawakang pangangamkam ng lupa ng malalaking panginoong maylupa at dayuhang korpo-

rasyon at rekonsentrasyon ng pagaari ng lupa sa mga panginoong maylupa, usurero at burges kumprador.

Nagtraydor si Arroyo sa pambansang interes. Ibinugaw niya ang pambansang soberanya para lamang mapagbigyan ang layaw ng kanyang imperyalistang amo at mga armadong tropa nito. Lalo pa niyang ibinuyangyang ang ekonomya upang buong-pagkahayok na dambungin ito ng malalaking kapitalistang dayuhan.

Nagtraydor si Arroyo sa demokrasya at kapayapaan! Ibinasura niya ang pakikipag-usap para sa kapayapaan sa National Democratic Front at ang lahat ng mga napirmahan nang kasunduan. Pinangibabaw niya ang kapasyahan ng mga militarista alinsunod sa doktrinang "kontra-terorismo" ng imperyalismong US. Karahasan ang sagot sa mga demonstrasyon. Ang mga nagpapahayag ay pilit pinatatahimik.

Tiyak na itatakwil ng mamamayan si Gloria Arroyo sa 2004—sa-kaling umabot pa siya sa eleksyon. Ipakikita ng mamamayan ang labis na pagkamuhi sa kanya, kahit na kung tutuusi'y wala rin naman silang gaanong mapagpipilian.

Milagro lamang sa anyo ng labis-labis na pandaraya, pandarahas, panunuhol at maniobra ng US ang maaaring magpanalo sa kanya sa eleksyong 2004. Magkagayon man, ang pagpapatuloy at pagsahol ng mga patakaran at hakbanging ipatutupad niya ang siya ring magbubunsod ng ibayong paglala ng krisis sa kabuhayan at pulitika ng bansa, yayanig sa kanyang rehimen at magpapasiklab ng mas matindi at malawakan pang paglaban ng mamamayan.

Sa pagpupumilit ni Arroyo na manatili sa poder, lalo niyang hinahamon ang mamamayan na ibagsak ang kanyang rehimen at kasabay nito'y ibayong pahinain ang buong naghaharing sistema.



ANG By AN

Ang *Ang Bayan* ay inilalabas sa wikang Pilipino, Bisaya, Iloko, Hiligaynon, Waray at Ingles.

Maaari itong i-download mula sa Philippine Revolution Web Central na matatagpuan sa:

www.philippinerevolution.org
Tumatanggap ang Ang Bayan ng
mga kontribusyon sa anyo ng mga
artikulo at balita. Hinihikayat din ang
mga mambabasa na magpaabot ng
mga puna at rekomendasyon sa ikauunlad ng ating pahayagan. Maaabot
kami sa pamamagitan ng email sa:
angbayan@yahoo.com

Nilalaman

Editoryal	
Arroyo, numero unong ipokrita	1
Igiit ang ligal na pakikibaka	3
Masaker sa Compostela Valley	4
Mga ulat koresponsal	
Kasinungalingan ng AFP	
sa Ilocos-Cordillera	5
Nakawan sa PAGCOR	6
Rebolusyonaryong unyonismo	7
Gera ng mga tribo sa Kordilyera	8
Sa ibayong dagat	
US, Israel, umaani ng batikos	10
Balita	11

Ang *Ang Bayan* ay inilalathala dalawang beses bawat buwan ng Komite Sentral ng Partido Komunista ng Pilipinas

Igiit at ipagtanggol ang ligal at demokratikong pakikibaka ng mamamayan

M abilis na nagkakasunud-sunod at dumarami ang kaso ng mararahas at matitinding panunupil ng reaksyunaryong estado at iba pang mga pasistang pwersa sa nakikibakang mamamayan.

Kamakailan lamang, nadagdagan ang humahabang listahan ng mga biktima ng panunupil ng AFP at mga grupong paramilitar nito nang brutal nilang patayin ang apat na kabataang aktibista sa Compostela Valley sa Mindanao at dukutin ang isa pa sa Cebu. (Tingnan ang kaugnay na artikulo).

Bago ito, tumampok ang pagpatay sa mga mamamahayag na aktibong bumabatikos sa korapsyon, kabulukan at karahasan ng reaksyunaryong gubyerno at burukrasya, mga oportunistang pulitiko, mga pinunong militar, mga sindikatong kriminal at iba pang elementong naninibasib at naghahari sa lipunan.

Ang pagsahol ng pasistang teror ay tanda ng desperasyon ng mga pasista na supilin ang umiigting na paglaban ng mamamayan. Ang reaksyunaryong estado at mga pasistang pwersa sa pamumuno ngayon ni Presidente Arroyo ay ibayong nagiqing di mapagparaya sa mga manggagawa, magsasaka at iba pang inaapi at pinagsasamantalahang sektor. Sa pangunahin, nakatuon ang pinakamararahas na pasistang atake sa mga ligal na demokratikong pwersang mapangahas na naglalantad at bumabatikos sa nakikita nilang sobra-sobrang pang-aapi, kabulukan at kainutilan ng umiiral na gubyerno, estado at sistemang panlipunan at nagpupursiging pumukaw, mag-organisa at magmobilisa ng mamamayan. Malaki ang pangamba ng rehimen sa masigasig na pagkilos ng mga

demokratikong pwersa para ilantad ang pinakahuling matitinding kaso ng garapal at malakihang korapsyon ng Malakanyang at manawagan para sa pagpapatalsik kay Gloria Arroyo.

Bunga rin ng kabiguan ng AFP na pigilin ang paglakas ng rebolusyonaryong armadong pakikibaka, itinutuon nila ang kanilang mga baril at kanyon sa mga di-armadong sibilyan at aktibista at binibigyang-matwid ang mga paglabag sa karapatang-tao sa pamamagitan ng paulit-ulit na linya na ang mga ito ay mga prente ng mga komunista.

Walang hangganan ang ambisyon sa panunupil ng kasalukuyang rehimen at ng amo nitong imperyalismong US. Patuloy at paulit-ulit nitong tinatangka at minamaniobra ang pagsasabatas ng mga pasistang hakbanging katulad ng National ID System at panukalang kontra-terorismo.

Sa harap ng mga ito, kailangang matamang bigyang-pansin ng mga rebolusyonaryo at demokratikong pwersa, mga tao sa masmidya at iba pa ang mapangahas na paglalantad at pagkundena sa pasistang estado at mga berdugo, laluna sa mga utak ng walang pangingiming pasistang terorismo sa layuning sindakin at paatrasin ang paglaban ng mamamayan. Kailangang tuluy-tuloy na manawagan sa mamamayan na huwag manahimik bagkus ay ibaling ang pagdadalamhati tungo sa mapangahas na pagtindig, pagtutol at pagpapalakas ng kilusang protesta laban sa pasismo at reaksyon. Kailangan ang ibayong determinasyon at sigasig na pukawin, organisahin at pakilusin ang malawak na masa ng sambayanan. Kailangang lalong engganyuhin ang mga kabataan na mas malawakan at mas malalimang umugat sa hanay ng kapwa nila kabataan at sa masa ng sambayanan. Kailangang bigyan ng partikular na pansin ang pagmomobilisa rin at pagtulong ng mga gitnang pwersa.

Marapat ding laging maging mapagbantay upang malabanan at mapigilan ang pagpapataw ng mga hakbangin na maaaring humantong sa lantarang pasistang paghahari. Ipursigi ang pakikibaka para maibagsak ang mapaniil na rehimen at sa kalaunan ibagsak ang buong pasistang estado at reaksyunaryong naghaharing sistema at kamtin ang isang tunay na demokratiko, makamamamayan at malayang pamahalaang bayan.

Kasabay ng pagpapakita ng ibayong indignasyon at protesta ng mga demokratikong pwersa mamamayan, ibinubunga rin ng pagtindi ng terorismo ng estado at mga pasistang pwersa ang pagsulong ng rebolusyonaryong armadong paglaban ng mamamayan. Kung tutuusin, ang pagsahol ng pasistang teror ay tanda rin ng inabot na ng labanan sa pagitan ng rebolusyon at kontra-rebolusyon at sa takot ng rehimen at mga pasista sa ibayong lumalakas na rebolusyonaryong paglaban. Ang rehimeng Arroyo at mga pasista na mismo ang nagtuturo sa dumaraming mamamayan sa kawalan ng anumang pag-asa sa ilalim ng naghaharing sistema. Ang walang pakundangang kalupitan at karahasan nito ay naqtutulak sa kanila na tahakin ang rebolusyonaryong landas ng pagbabago sa lipunan. Habang tumitindi ang pasistang teror sa kanayunan at kalunsuran, dadami at dadami ang sasapi at susuporta sa armadong rebolusyon. ΑB

Pagmasaker sa apat na aktibista sa Compostela Valley, mariing kinundena

asing-init ng araw ang damdamin ng mga kasapi ng Anakbayan at mga partidong Anak ng Bayan at Anakpawis noong hapon ng Setyembre 26 habang idinadaos nila ang rali sa tapat ng City Hall ng Tagum, Davao del Norte. Mariin nilang kinundena ang rehimeng Arroyo at ang militar sa pagdukot, pagtortyur at brutal na pagpaslang kamakailan sa apat na kabataan.

Papuntang poblasyon ng Maco, Compostela Valley noong Setyembre 19 ang mga aktibistang sina Marjorie Reynoso, 18; Jonathan Benaro, 16; at Lito Doydoy, 27; at si Ramon Regase, 17, na drayber ng sinasakyang traysikel, nang dukutin sila ng mga militar. Hinarang sila malapit sa Hijo Plantation sa Apokon, Davao del Norte, 50 metro lamang mula sa isang detatsment ng PNP. Pwersahan silang isinakay ng limang nakamaskara at armadong kalalakihan sa isang Tamaraw FX. Ayon sa mga nakasaksi, binaril sa binti ang dalawang kabataang lalaki nang magtangka silang tumakas.

Kagagawan ng Intelligence Security Unit (ISU) ng militar ang pagdukot at pagpaslang sa apat na kabataan, ayon kay Rigoberto Sanchez, tagapagsalita ng Merardo Arce Command ng Bagong Hukbong Bayan sa Southern Mindanao. Ayon kay Sanchez, pinamunuan ng isang Capt. Denmark Mamaril ang operasyon, kasama sina 1st Sgt. Roy Telang at Adan Marcus, mga operatiba ng *intelligence*.

Dinala ng mga militar ang apat sa isang *safehouse* sa Trento, Agusan del Sur.

Ginahasa, tinortyur. Bandang alas-12:00 ng tanghali noong Setyembre 23, natagpuan ng isang

manggagawa at isang gwardya ang mga bangkay ng apat sa Area 307 ng Selecta Farm sa Barangay Osmeña, Compostela. Ayon sa imbestigasyon ng pulisya, tinortyur muna ang apat bago tuluyang patayin.

May mga marka ng pagpapahirap sa katawan ng mga biktima. May mga palatandaang ginahasa si Reynoso, tagapangulo ng Sangguniang Kabataan (SK) ng Barangay Anislagan at municipal coordinator ng Anak ng Bayan sa Maco. May bakas ng masking tape ang kanyang bibig. Basag ang kanyang bungo dulot ng tama ng bala. Sina Benaro, kagawad ng SK ng Barangay Mapaang at kasapi ng Anak ng Bayan, si Doydoy, organisador ng Anakbayan, at pati ang drayber na si Regase ay may mga bakas ng lubid sa kanilang leeg at mga saksak sa iba't ibang bahagi ng katawan. Ibinaon sila nang halos walang saplot sa isang mababaw na hukay.

Ayon sa Karapatan-Southern Mindanao, malinaw na ang pagdukot at pagpatay sa mga militanteng kabataan ay naglalayong gipitin, takutin at patahimikin ang mga progresibo at patriyotikong organisasyon na kritikal sa qubyerno.

Binatikos din ng Anakbayan-Southern Mindanao ang mahigpit na pang-eespiya, panggigipit at pananakot ng militar sa mga lider at myembro ng kanilang organisasyon. Inamin mismo ni Lt. Col. Agane Adriatico, hepe ng Civil Relations Group ng Philippine Army sa Southeastern Mindanao, ang pagmamanman nila sa kabataan. Pilit niyang itinatanggi na may kinalaman ang militar sa pagsalbeyds sa apat at bagkus ay katawatawang ibinabaling ang akusasyon sa Bagong Hukbong Bayan.

Paparaming kabataan ang lumalaban. Ang karumal-dumal na krimeng ito ay nagpapakita ng matinding pagkatakot ng rehimeng Macapagal-Arroyo sa mga militanteng kabataan, ayon kay Andres



 \succ

Guerrero II, tagapagsalita ng Kabataang Makabayan. "Sa katunayan, kinatatakutan ng rehimeng Arroyo ang patuloy na paglaki at paglakas ng rebolusyonaryong kilusan na lubos na tinatangkilik ng paparaming kabataan," ani Guerrero.

Ayon naman kay Gregorio "Ka Roger" Rosal, tagapagsalita ng Partido Komunista ng Pilipinas, pinagbubuntunan ng galit ng rehimeng Arroyo ang kabataang maramihang sumasapi sa BHB. Aniya, ang gubyernong Arroyo rin ang bubweltahan ng taktikang ito dahil parami nang paraming kabataan ang sumasapi sa rebolusyonaryong kilusan at BHB sa mga lugar na pinaglulunsaran ng teroristang all-out war.

Coordinator ng Bayan Muna, dinukot. Habang binabatikos ng mga demonstrador sa Tagum City ang militar at pulisya sa pagdukot at brutal na pananalbeyds sa apat na aktibista, dinukot naman nang gabing iyon ang *regional coordinator* ng Bayan Muna-Central Visayas. Ang mga dumukot sa kanya ay mga tauhan ng Regional Intelligence and Investigation Division (RIID).

Pauwi siya sa Mandaue City nang harangin ng dalawang ahente ng RIID at pwersahang isakay sa isang van. Dinala siya sa isang safehouse sa Lapu-Lapu City at inalok na maging impormer ng RIID. Ininteroga siya tungkol sa mga kilos ng Bayan Muna at mga pinaniniwalaang lider ng NDF at BHB sa rehiyon. Nagkaroon ng pagkakataong makatawag sa abugado ng Bayan Muna ang biktima nang iwan siyang mag-isa sa safehouse noong Setyembre 27. Pinuntahan siya roon at kinuha ng abugado.

Tinuligsa naman ng Bagong Alyansang Makabayan (BAYAN)-Panay at ni Bokal Cesar Talabucon ng Capiz, si Maj. Oscar Lasangue ng AFP Civil Relations Group nang iugnay nito ang BAYAN, Bayan Muna at mismong si Talabucon sa mga gawain ng rebolusyonaryong kilusan. Ayon sa BAYAN, layunin ng mga walang basehan at malisyosong akusasyon ng militar na ikundisyon ang isipan ng mamamayan na tanggapin ang tumitinding mga opensiba ng militar laban sa ligal na demokratikong kilusan at mga personahe nito.

Sa Ilocos-Cordillera

Mga kasinungalingan ng AFP, binatikos ng BHB

S a dalawang magkahiwalay na pahayag, pinabulaanan ng BHB sa Ilocos-Cordillera ang mga kasinungalingan at saywar ng AFP sa rehiyon. Dahil walang maipakitang mga tagumpay at upang pagtakpan ang ginagawang paglabag sa karapatang-tao, naglulubid na ng buhangin ang militar.

Ayon sa Jennifer "Maria" Cariño Command-BHB Benguet (JCC), ibinibintang ng AFP sa BHB ang pagnanakaw ng P20 milyon halaga ng mga barang ginto at pagpatay sa limang minero kasama ang isang inhinyero sa Lepanto, Mankayan noong Setyembre 20. "Hindi gawi ng BHB na gumawa ng mga kriminal na aktibidad para magkaroon ng pondo. Hindi ito nagnanakaw at nangungurakot kumpara sa AFP at lalong hindi ito nagtatanim ng marijuana para tustusan ang rebolusyon," ani Ka Sey-ang Rayos, tagapagsalita ng JCC. Mariin ding kinundena ng JCC ang pagpatay sa isang inosenteng sibilyan sa Tabbac, Bulalacao, Mankayan at mga paglabag ng 54th IB at PNP sa karapatangtao ng mga taga-Mankayan matapos ang nakawan.

Pinabulaanan naman ng Leonardo Pacsi Command-BHB Mt. Province(LPC) ang ipinangangalandakan ng AFP na 11 Pulang mandirigmang napatay, dalawang malalaking kampong naagaw at mahahalagang dokumentong nasamsam sa operasyong inilunsad ng AFP sa prubinsya noong Hulyo 19-Setyembre 2. Ayon kay Ka Magno Udyaw, tagapagsalita ng LPC, isang kasama lamang ang namatay sa labanan. Matagal na ring abandonado ang mga sinasabing kampo at walang mga dokumentong natagpuan ang mga sundalo.

Kinundena ng LPC ang pagpatay ng AFP kay Etfew Chadyaas, isang magsasakang taga-Belwang, Sadanga na nakasalubong lang nila sa daan at ipinarada bilang kasapi ng BHB. Labis na pagpapahirap sa mamamayan ang ibinunga ng mahigit isang buwang operasyong militar. Ayon sa LPC, nabulabog ang mga hayop na pansaka, nasira ang mga pinagkukunan ng tubig at matagal na pinagbawalang mag-ani ang mga magsasaka kaya nangabulok ang kanilang mga produkto. Nilapastangan din ng AFP ang ritwal ng tengaw na isinasagawa noon ng masa sa Bontoc. Ninakawan pa ng mga sundalo ang mga imbakan ng palay ng mga magsasaka sa Mainit at kinatay ang isang kalabaw para kainin.

Muling nanawagan ang LPC sa mga sundalo at CAFGU na huwag nang magpagamit bilang instrumento ng dahas laban sa kapwa nila api sa mga operasyong militar. Mas mabuting tularan nila ang halimbawa ng mga katropa nila sa 502nd Bde na nag-AWOL noong Agosto sa gitna ng isang operasyon.

Milyun-milyong pisong nakawan sa PAGCOR

a sa na namang palabigasan ng mga naghaharing uri ang nalulugi dahil sa pandarambong ng kasalukuyang rehimen. Ang Philippine Amusement and Gaming Corporation (PAGCOR) ay baon ngayon sa utang na P1.4 bilyon.

Hindi dapat magkautang ang PAGCOR sa laki ng pondong pumapasok dito. Ngunit dahil sa maluhong pamumuhay ng mga upisyal nito, sa dami ng mga ipinasok na mga bagong upisyal at empleyadong hindi naman kailangan at sa korapsyon na itinatago bilang donasyon, nabaon sa utang ang korporasyon.

Sa PAGCOR nagmumula ang pondo ng Malakanyang para sa mga diumano'y proyekto ng pangulo at iba pang ahensya ng gubyerno. Ito rin ang isa sa mga pangunahing nagpopondo sa Department of Social Welfare and Development at Philippine Sports Commission. Dahil sa laki ng pondo nito at relatibong kaluwagan ng korporasyon sa pamimigay ng tulong pinansyal at ayuda, tradisyunal na itong palabigasan ng lahat ng mga reaksyunaryong rehimen. Bukod rito, hindi inaawdit ng Commission on Audit ang PAGCOR.


Kaya isa sa mga unang hakbang ni Arroyo pagkaupong-pagkaupo niya sa poder ay ipwesto sa PAGCOR si Ephraim Genuino, matapat at maaasahang opereytor ng pamilya Arroyo at iba pang upisyal na dikit kay Unang Ginoo Jose Miguel Arroyo at sa kanilang prenteng partidong Bigkis Pinoy.

Agad na naglagay si Genuino ng dagdag na 2,000 empleyado sa PAGCOR at mahigit 100 konsultant kasama ang ilang peryodista. Sinuswelduhan ang mga ito ng mula P10,000 hanggang P50,000 kada buwan. Kung pagsasama-samahin, aabot sa P2.5 milyon ang buwanang sweldo ng mga konsultant. Dagdag dito, lumobo mula P18 milyon noong 2000 tungong P86 milyon noong 2002 ang ginastos ng PAGCOR para sa "bonus at iba pang benepisyo."

Bukod rito, mula 2001 ay gumastos ang PAGCOR ng P120 milyon para sa dagdag na 100 mamahaling sasakyan. Walang kahihiyang binigyan ng mga pinuno ng ahensya ang kanilang mga sarili ng "benepisyo" para makabili sila ng magagarang kotse. Si Genuino bilang pinuno ay makakabili ng P2.5

milyong kotse habang ang iba pang mga board member ay mabibigyan ng tig-P2 milyong kotse.

Tinangka ni Genuino na ilihim at pagtakpan ang anomalya sa pamamagitan ng pagpigil sa pagkakalantad nito sa midya. Pansamantalang napigilan ang paqbubunyaq nq Probe Team (isang programa sa telebisyon) kaugnay nito nang balaan ng rehimen ang GMA-7 na iaatras nito ang paglalabas sa istasyon ng anumang patalastas ng gubyerno. Mangangahulugan ito ng 6% bawas sa kita ng istasyon. Ipinalabas na lamang ang ulat ng Probe Team makaraan ang ilang linggo nang umalma ang mga tagamidya at maraming mamamayan sa pambubusal sa kalayaan sa pamamahayag.



Lumalakas, lumalawak ang rebolusyonaryong unyonismo

Italawang Pambansang Kumperensya ng Rebolusyonaryong Kilusang Manggagawa noong Setyembre 1998, tuluy-tuloy na nagtagumpay ang rebolusyonaryong kilusang manggagawa laluna sa pagbubuo at konsolidasyon ng Partido sa kanilang hanay. Ayon sa mga kasama sa ilalim ng Pambansang Kagawaran sa Organisasyon, ito ay kongkretong resulta ng wastong mga patakaran at tungkulin na tinukoy noong 1998.

Kasabay ng inabot na mahusay na pagsisinsin ng rebolusyonar-yong pag-oorganisa ng mga manggagawa hanggang sa pagtatayo ng mga rebolusyonaryong unyon at sangay sa Partido sa mga pabrika, pinag-iibayo rin ng mga kasama ang pag-oorganisa sa napakarami pang mga manggagawang hindi napapabilang sa isang unyon, gayundin ang mga unyong napapailalim sa mga dilawang pederasyon at liderato.

Sa loob ng tatlong-taong programang binalangkas ng kumperensya, lumaki nang 300% ang bilang ng mga myembro ng Partido at aktibista sa mga unyon. Mula 1998 hanggang katapusan ng 2002, lumaki rin

nang 70% ang bi-

nq

lang

mga

unyon na nasasaklaw ng kagawa-ran.

Nagpapatuloy ang mabilis na tantos ng pag-unlad hanggang sa kasalukuyan. Sa ngayon, 60% ng mga nasasaklaw na unyon ay mga rebolusyonaryong unyon o kaya'y nasa iba't ibang antas ng pag-unlad tungo sa pagiging rebolusyonaryong unyon.

Sa isang rebolusyonaryong unyon, signipikanteng bilang ng mga

kasapi ay mga myembro ng Partido. Nakapaqlulunsad na ito ng mga lokal na pakikibakang nakatuon sa pagpapataas sa antas ng kabuhayan at paggigiit sa mga demokratikong karapatan ng kasapian nito. Aktibo ang mga nabanggit na unyong ito sa pakikibaka sa anti-mangqaqawa, anti-unyon at anti-welgang opensiba ng estado. Aktibo rin silang lumalahok sa mga pagkilos laban sa tumitinding pasismo at interbensyong militar ng US at mulat sa kanilang papel sa pagsusulong ng demokratikong re-

Pagbubuo ng Partido. Sa ngayon, hindi tinatakdaan ng maksimum ang maaaring maging bilang ng mga kasapi ng sangay ng Parti-

bolusyong bayan.

do. Bagamat may ilang
maliliit na sangay
na kinabibilangan ng
kulang sa 15 kasapi, karaniwan na
ang mga sangay na mahigit 30 ang

myembro. Sa isa sa pinakamauunlad na pabrikang saklaw ng kagawaran, mahigit 60% ng mga manggagawa ay kasapi ng sangay ng Partido.

Sa karanasan nitong nakaraang limang taon, mabilis na nabubuo ang Partido at rebolusyonaryong kilusang lihim. Naging susi rito ang mahiqpit na paqtalima sa mga resolusyon hinggil sa solidong pagoorganisa sa mga pabrika. Isang halimbawa ang isang pabrikang nakapaq-organisa ng sangay at kilusang lihim ng mga aktibista sa loob lamang ng tatlong buwan mula nang maugnayan ang unang kontak na manggagawa. Pagkaraan ng lima pang buwan, lumaki pa nang mahigit anim na beses ang bilang ng mga kasapi ng Partido.

Pinanday ng karanasan. Ibayong bumilis ang pag-oorganisa sa pabrika nang mapanday ang mga manggagawa sa matinding pakikibaka para ipagtanggol ang kanilang karapatang mag-unyon.

Ilang beses nang nagtatangkang magtayo ng unyon ang mga manggagawa subalit hindi sila nagtagumpay dahil mga dilawang pederasyon ang kanilang naugnayan. Nagtagumpay na lamang silang itayo ang isang tunay, palaban at makabayang unyon nang maugnayan sila ng isang militanteng pederasyon.

Subalit naging mabilis din ang reaksyon ng kapitalista. Nang mapansin nito and mga panimulang hakbang ng mga manggagawa na magbuo ng unyon, tinangka ng kapitalista na ilabas ang lahat ng makina at ituloy ang operasyon sa ibang lugar. Hindi ito pinayagan ng mga manggagawa. Binarikadahan nila ang mga pasukan at labasan ng pabrika hanggang wala nang magawa ang kapitalista kundi makipagnegosasyon sa kanila. Ngayon ay kinikilala na ng kapitalista ang unyon at nagaganap na ang negosasyon para sa collective bargaining agreement.

Laban sa dilawan. Sa isa pang pabrika, naglunsad ng pakikibaka ang mga manggagawa upang makawala sa kuko ng dilawang pederasyon. Ilang taong nagpursigi ang mga manggagawa para mapatalsik ang kanilang dilawang mga lider.

Sa proseso ng matinding pakikiba-ka, ibayong napanday ang mga manggagawa. Dumami ang bilang ng mga aktibistang nakapaloob sa mga lihim na grupo. Sa loob ng tatlong buwan ay naitatag din ang isang katamtamanglaking sangay. Mahigit doble ang inila-ki nito pagkaraan pa ng tatlong buwan. May gawaing pag-oorganisa sa hanay ng mga manggagawang arawan at buwanan ang sahod, sa mga superbisor at maging sa mga gwardya ng pabrika. Isang malaking sangay ang nangangasiwa sa gawain ng Partido sa iba't ibang grupo ng sangay sa pabrika.

Dahil sa laki ng inabot na bilang ng mga myembro ng Partido, may kakayahan na itong gumanap ng gawain sa labas ng pabrika. Karamihan sa kanila ay nag-oorganisa sa mga tabing pabrika at sa mga komunidad sa paligid.

Suporta sa armadong pakikibaka. Isa sa pangunahing gawain ng mga sangay at rebolusyonaryong unyon dito ang sumuporta sa armadong pakikibaka. Bawat sangay ay may sinusuportahang larangang gerilya sa mga rehiyong pinakanangangailangan ng tulong. Tuluy-tuloy silang nagpapalitaw ng materyal na suporta, kabilang ang mga baril, bala at iba pang kagamitang militar. Subalit pinakamahalaga pa ring ambag ng rebolusyonaryong kilusang manggagawa rito ang ilampung bagong mandirigma ng Bagong Hukbong Bayan na napalilitaw nila tauntaon.

Kamakailan, marami sa daan-daang kontraktwal na manggagawang sinipa sa trabaho ang nagpasyang tumungo na sa kanayunan at sumapi sa BHB.


Dalawa lamang ang mga pabrikang ito sa marami pang pabrika sa buong kapuluan na pinagmumulan ng batayang lakas ng Partido at rebolusyonaryong kilusan.

Gera ng mga tribo at ang *bodong* sa Cordillera

Itong mga huling taon, nagkaroon ng panibagong bugso ng gera ng mga tribo sa Cordillera dahil sa udyok ng mga reaksyunaryong pulitiko, militar at pwersang paramilitar at mga sindikato sa rehiyon.

Tampok ang muling pang-uupat at pagpapaigting pa ng Cordillera People's Liberation Army (o CPLA, isang kontra-rebolusyonaryong grupo na naging pwersang paramilitar na ng AFP at PNP) sa matagal nang umiiral na gera sa pagitan ng tribong Butbut sa Tinglayan, Kalinga at ng tribong Betwagan sa Sadanga, Mt. Province. Para mapalawak ang kanilang iligal na pagtotroso at pagtatanim ng marijuana, nanghimasok ang CPLA na pangunahing nakabase sa Tinglayan sa mga lupaing sakop ng Betwagan.

Dumadalas na rin ang pagputok ng mga *tribal war* bunsod ng Local Government Code na nagtutulak sa mga tribo, baryo at bayan na sumakop ng karagdagang teritoryo mula sa mga karatig para mapalaki ang kanilang Internal Revenue Allotment.



Gera at bodong. And gera ng mga tribo ay isang sinaunang paraan ng mga tribo para resolbahin ang kontradiksyon sa pagitan nila batay sa lakas at konseptong "ngipin sa ngipin" hanggang makamit ang pagkakapatas-patas o kaya'y matataq na mapanatili ng isa ang mapagpasyang lamang laban sa kabila.

Kapag may gera sa pagitan ng mga tribo, ang lahat-matanda at bata, lalaki at babae—ay minomobilisa sa iba't ibang aspeto ng laban—mula sa pag-iimbak ng mga suplay ng pagkain, pag-aayos ng depensa, pag-iipon ng armas at bala, pagtatanod, pagmamanman sa kilos ng kalabang tribo hanggang sa pag-atake at pag-atras. Lahat ng myembro ng magkakalabang tribo saan man sila naroroon, maging ang mga inosente at walang kalaban-laban, ay target ng atake.

Ang bodong naman ay institusyon ng mga tribo para itigil ang gera sa kanilang hanay, tiyakin ang proteksyon ng bawat isa at itatag ang mapayapa at magkaalyadong uqnayan. Naq-aanyo ito ng malinaw na mga kasunduan sa pagitan ng dalawang tribo kaugnay ng mga usaping mahalaga para sa kapwa tribo. Kabilang dito ang mga usapin sa lupa, mga rekurso at hangganan ng teritoryo, buhay, kabuhayan, pag-aari, hustisya at karangalan ng magkabilang tribo.

Sa pamamagitan ng bodong, nareresolba ang iba't iba pang usaping pinagtutunggalian o kailangang ayusin at pagtulungan ng mga binodngan (komunidad na nagsasagawa ng bodong). Sa prinsipyo at sa praktika, aktibong lumalahok ang Partido at BHB sa pagpapatigil ng gera ng mga tribo at sa pag-impluwensya at paggabay sa paqbubuo at sa paqtataquyod ng mga bodong. Tinitiyak na di kailanman dapat masangkot sa gera ng mga tribo ang BHB bilang hukbo ng buong mamamayan at ang mga sandatahang pwersa ng reaksyunaryong estado bilang kaaway ng buong sambayanan. Aktibong isinusulong ng Partido at ng BHB ang makatarungang kapayapaan sa hanay ng mga tribo at ng mamamayan upang maituon ang paglaban ng mamamayan sa mga reaksyunaryong naghaharing uri na siyang tunay na kaaway ng mamamayan. Alinsunod ito sa prinsipyo na ang

mga kontradiksyon sa hanay ng mamamayan ay sekundarvo at di antagonistiko.

Ang mga usapin ng mga tribo ay pwedeng resolbahin sa mapayapa at demokratikona paq-aayos, kabilang na ang

paggamit ng mga katutubong paraan qaya ng tungtongan at pag-aareglo. Tungo sa kagyat at estratehikong pagpapatigil ng gera ng mga tribo, tinutukoy ng rebolusyonaryong kilusan ang sanhi ng mga ito at ang mga kinakailangang hakbang. Katuwang ang mamamayan, tinutukoy, inilalantad at nilalabanan nito ang maruruming layunin ng mga reaksyunaryong pwersang nang-uupat ng mga gera para sa sariling kapakinabangan.

Progresibong bodong. Kinikilala at nirerespeto ng rebolusyonaryong kilusan ang mga katutubong kaayusan, kabilang na ang bodong. And mga progresibong aspeto ng mga katutubong kaayusan ay hinihikayat, pinauunlad at nilalakipan ng rebolusyonaryong nilalaman, gaya ng konseptong pagtitiyak na napananagutan ang anumang malaking paglabag sa hustisya, ang pagkakasundo para sa kapayapaan, ang pangangalaga sa kapaligiran, ang pagtuturing sa lupa at mga likas na yaman bilang kolektibong pag-aari ng lahat at hindi ng iilan. Ang mga negatibong aspeto ng mga kaugaliang katutubo ay itinatakwil. Kinikilala ng rebolusyonaryong kilusan na ang obligasyon ng mga tribong nakapailalim sa bodong na maqlunsad ng gera sa kalabang tribo ay negatibong aspeto ng mga kaugaliang binodngan at sa gayon ay dapat pawiin. Sa halip na maqlaban-laban, hinihikayat nitong ibaling ng mga tribo ang kanilang paglaban sa ko-

Sa halip na maglaban-

laban, hinihikayat nitong

ibaling ng mga tribo ang

kanilang paglaban sa

komun na kaaway ng mga

pambansang minorya, at

gayundin ng buong

sambavanan...

haharing la.

mun na kaaway ng mga pambansang minorya, at qayundin ng buong sambayanan—ang reaksyunaryong estado at mga reaksyunaryong naguring nagsasamantala at nang-aapi sa kani-

Bagamat marami pang labi ng mga primitibong anyo at pamamaraan nito, napawi na sa kalakhan ang sinauna o tradisyunal na bodong na umiral bago lumaganap at tumagos sa buong bansa ang malapyudal at malakolonyal na sistema. Sa lugar ng mga binodngan kung saan nangingibabaw pa ang kontrol at impluwensya ng mga reaksyunaryo sa usapin ng gera ng mga tribo at bodong, and umiiral ay mga balikong bodong. Sa mga lugar naman kung saan mas nangingibabaw na ang pamumuno at impluwensya ng rebolusyonaryong kilusan, aktibong iniimpluwensyahan at ginagabayan ng Partido at BHB ang pagbubuo ng mga bodong. Inaangkupan ang umiiral pang labi ng mga sinaunang porma at proseso ng mga bodong at pinauunlad ang mga ito tungo sa pagiging bagongtipo ng bodong. Ito ay ibayong progresibo, demokratiko at makabayan.

Itinataguyod ng bagong-tipo ng bodong ang interes ng mga pinagsasamantalahan at inaaping lod nito ang mga tribo tungo sa makauring pagkakaisa ng mga api at napagsasamantalahan, laban sa mga kaaway ng mamamayang Pilipino. Kasabay ng pakikibaka para sa pagpapasya-sa-sarili, isinusulong ng bagong-tipo ng bodong ang pakikibaka para sa pambansang kalayaan at demokrasya. Hindi na ito nalilimita sa dadalawa o iilang tribong binodngan kundi sa pinakamalawak na hanay ng mga tribo. Maunlad ang pagpapairal nito ng demokrasyahindi nalilimita sa iilang pangat (lider ng tribo) ang pagpapasya kundi pinalalahok ang nakararami sa tribo. Sa partikular, malakas ang tinig ng mga napagsasaman-

talahan at api, gayundin ng kababaihan at kabataan, at nabibig-

yan ng pinakamabigat na timbang ang interes nila. Mahigpit itong

nakaugnay sa kanilang paglahok at pagsusulong ng digmang ba-

masa ng sambayanan at binubuk-

Mayaman sa aral ang pagpapahigpit at pagpapalawak pa ng pagkakaisang naabot na at naipagtagumpay ng mga tribo sa tulong ng bagong-tipo ng bodong, gaya ng maramihang-panig at malawakang bodong ng iba't ibang tribong Kalinga at tribong Bontoc laban sa Chico Dam Project noong panahon ng diktadurang Marcos.

Nabibigkis din ng mga malawakang bodong ang pagkakaisa ng mamamayan laban sa pagpasok ng mga dayuhang korporasyon sa pagmimina, komersyal na pagtrotroso at iba pang negosyong mapang-agaw at mapanira sa lupa, mga likas na yaman, kabuhayan at kapakanan ng mga pambansang minorya. Sa higit na pagkakaisa ng mamamayang binodngan, ang kanilang mga armas ay naitututok sa mga kaaway sa uri at sa reaksyunaryong estado at hindi sa kapwa nilang mamamayang inaapi at pinagsasamantalahan.

Tunggalian sa Middle East

US at Israel, umaani ng malawak na pagkundena

Indi na masikmura maging ng marami sa mga armadong pwersang Israeli ang kawalang-pakundangan ng kanilang gubyerno sa mamamayang Palestino. Noong Setyembre, 27 piloto ng Israeli Defense Forces ang sumuway sa utos ng kanilang mga upisyal na muling bombahin ang mga komunidad ng mga Palestino. Kinundena nila ang pagkamatay ng 100 sibilyang Palestino dulot ng pinakahuling pambobomba na isinagawa ng kanilang mga kasamahan. Bilang tugon, iginiit ng gubyernong Israeli na dapat silang tanggalin at kasuhan ng pag-aalsa at pagtulong sa mga terorista.

Bago ito, noong Setyembre 20 kinundena rin ng United Nations General Assembly ang plano ng gubyernong Israeli na sapilitang patalsikin si Yasser Arafat, presidente ng Palestinian Authority at pinuno ng Palestinian Liberation Organization. Umani rin ng malawak na pagkundena mula sa iba't bahagi ng mundo ang pahayag ng ilang matataas na upisyal ng gubyerno at militar ng Israel na dapat patayin ang lider Palestino.

Lumalawak ngayon ang pagbatikos sa marahas na okupasyon ng Israel sa Palestine at sa tahasang pagsuporta rito ng imperyalismong US. Noong Setyembre 27, sabay-sabay na inilunsad sa iba't ibang bansa ang malalaking kilos protesta. Aabot sa 123,000 ang nagrali sa iba't ibang pangunahing syudad kabilang ang London kung saan mahigit 100,000 ang lumahok.

Sa kabila nito, patuloy ang pag-aastang maton ng Israel at ng amo nitong imperyalista. Nitong Oktubre 5, pinaulanan ng bomba ng mga tropang Israeli ang nayon ng Ain-as-Saheb sa Syria na tinitirhan ng mga Palestinong *refugee*. Pinamumugaran daw kasi ito ng mga terorista. Kamuhi-muhing ipinagtanggol pa ng US ang karu-

mal-dumal na aksyon ng Israel.

Bago ito, ilang ulit nang nilalapastangan ng mga tropang US sa Iraq ang Syria sa pamamagitan ng pagpapalipad ng eroplano sa himpapawid ng bansa nang walang pahintulot. Dalawang sibilyang Syrian na rin ang namatay nang paputukan sila ng mga sundalong Amerikano habang tumatawid patungo sa Iraq para dumalaw sa kanilang mga kamag-anak. Ayon sa isang upisyal ng Syria, tila naghahamon ng gera ang US.

Samantala, upang pahupain ang galit ng mga Muslim laluna sa Middle East, kinomisyon ni Bush ang isang 13-kataong grupo na pinamunuan ni Edward P. Djerejian, dating ambasador ng US sa Israel at Syria, para alamin kung paano mapababango ang US sa harap ng mga Muslim.

Ayon sa ulat ni Djerejian nitong Oktubre 2, kailangang maging mas agresibo pa ang US sa pagpopropaganda sa mga bansang Muslim ang kalakhan ng populasyon. Subalit walang binanggit ang ulat tungkol sa mapagsamantala at mapang-aping mga patakaran ng US sa naturang mga bansa—ang pinag-uugatan ng naguumapaw na galit ng mga mamamayan dito laban sa US.

van.



5 kaaway patay sa labanan sa Misamis Occidental

DALAWANG sundalo at tatlong elemento ng CAFGU ang namatay nang magkasagupa ang mga Pulang mandirigma sa ilalim ng Misamis Occidental Front Operational Command (MOFOC) ng BHB at mga elemento ng "A" Coy ng 5th IB at 34th Military Intelligence Company ng Philippine Army sa Barangay Manalac, Sapang Dalaga noong Oktubre 2.

Unang namataan ng nagtatanod na mga gerilya ang paparating na mga sundalo. Agad na nakapagmaniobra ang BHB at pinaputukan ang mga sundalo.

Sa isang pahayag nitong Oktubre 4, sinabi ni Ismael Marte, tagapagsalita ng PKP-BHB sa Western Mindanao, na ang bilang ng mga kaswalting idinulot ng BHB sa kaaway ay patunay ng mataas na moral at matatag na pagkakaisa ng mga Pulang kumander at mandirigma maging sa harap ng mga depensiba at pag-atake ng mas malaking bilang ng kaaway. Pinabulaanan din ni Marte ang ulat ng 101st Bde sa midya na 12 Pulang mandirigma ang namatay sa labanan.

5 tropa ng SOT, patay sa ambus ng BHB sa Albay at Isabela

LIMANG tropa na kabilang sa Special Operations Team (SOT) ng Philippine Army ang napatay sa dalawang magkahiwalay na ambus ng BHB sa Albay at Isabela nitong huling linggo ng Setyembre.

Sa Albay, apat na elemento ng isang SOT sa ilalim ng 31st IB ang napatay nang ambusin sila ng Bagong Hukbong Bayan (BHB) sa Barangay Oma-oma, Ligao City nitong Setyembre 28. Nagsasagawa sila ng "barangay immersion"—isang bahagi ng "kontra-insureksyong" operasyon ng SOT sa naturang baryo—nang tambangan sila ng mga Pulang mandirigma bandang ika-3:30 ng hapon. Namatay ang sarhentong namuno sa SOT at tatlo pang sundalo. Nakumpiska sa kanila ang pitong M16, mga bala at iba pang kagamitang militar.

Bago ito, isang sundalo ang napatay at isa pa ang malubhang nasugatan sa pag-isnayp ng BHB sa SOT ng 502nd Bde sa Isabela noong Setyembre 23. Nag-ooperasyon noon ang mga sundalo sa Barangay Villa Bello, Jones nang birahin ng mga Pulang mandirigma.

Mga kawani ng gubyerno, nagprotesta laban sa pagkakait ng mga benepisyo

SUKDULAN ang galit ng mga kawani sa pamunuan at maneydsment ng Government Service Insurance System (GSIS) dahil sa ginawa nitong paglustay sa kanilang pinaghirapang ipon. Simula noong Mayo, pansamantalang itinigil ang pagpapautang at pagbibigay ng mga benepisyo at pensyon sa mga kasapi ng GSIS dahil bangkarote na ang institusyon.

Noong una, idinahilan ng pamunuan na ang pagsasaayos ng kanilang sistema ang sanhi ng pagkaantala ng pagbibigay ng mga pautang at pensyon. Nitong huli, inamin na nitong kulang ang pondo ng GSIS dahil diumano sa hindi pagbibigay ng mga departamento ng gubyerno ng mga kaukulang remitans para sa mga benepisyo at pensyon ng kanilang mga kawani.

Iginigiit ng mga kawani ang agad na pagbibigay ng kanilang mga benepisyo, ang pagpapatupad ng mga dati nang proseso sa pagpapautang, pagtigil sa paniningil ng mas mataas na kontribusyon, pag-imbestiga at pagkaso sa pamunuan ng GSIS at pagkakaroon ng kinatawan ng mga kawani sa board of directors ng institusyon.

Bantayog para sa mga rebolusyonaryong martir, itatayo sa Iloilo

ISANG bantayog para sa mga martir at bayani ng pakikibaka laban sa diktadurang US-Marcos ang itatayo sa Plaza Libertad sa Iloilo City. Magsisilbi itong alaala ng aabot sa 300 kalalakihan at kababaihan mula sa hanay ng mga manggagawa, magsasaka, estudyante at iba pang sektor sa Panay na nagbuwis ng kanilang buhay sa pakikipaglaban sa pasistang diktadura.

Humigit-kumulang isandaang kamag-anak at mga kaibigan ng mga martir kabilang na ang mga kasapi ng mga organisasyon sa karapatang-tao ang dumalo sa groundbreaking ceremony para sa itatayong monumento noong Setyembre 21, ika-31 anibersaryo ng deklarasyon ng batas militar.

Ang naturang proyekto ay inisyatiba ng Panay Alliance-Karapatan, Mothers and Relatives against Tyranny (MARTYR), Samahan ng mga Ex-Detainees Laban sa Detensyon at para sa Amnestiya (SELDA), at Ecumenical Movement for Justice and Peace (EMJP).



Guingona, Legarda, umalis sa partido ng administrasyong Arroyo

MAGKASUNOD na tumiwalag sa partidong Lakas nitong Oktubre 1 at 2 sina Sen. Loren Legarda, bise presidente ng partido para sa Visayas, at Bise Presidente Teofisto Guingoina, pangulo ng partido. Kapwa nila idinahilan ang di pagkakatugma ng kanilang mga prinsipyo at paninindigan sa mga pinaiiral na patakaran ng partido ng rehimeng Arroyo.

Malaon nang sumasalungat si Guingona sa papet, pasista at kontra-mamamayang mga patakaran ng rehimeng Arroyo. Sa pag-alis, aniya, sa partidong Lakas, maaari na niyang lantarang batikusin ang rehimen. Katunayan, tinuligsa na niya ang rehimen dahil sa kabiguan nitong tupdin ang mga repormang ipinangako niya noong iluklok siya sa Malakanyang ng malawak na pagkilos ng mamamayan.

Umalis ang dalawang lider ng partido sa gitna ng mga preparasyon ni Arroyo para tumakbo bilang presidente sa 2004, taliwas sa kanyang ipinangako noong Disyembre 30, 2002.

Ang pagtiwalag ng dalawa ay positibong hakbangin sa pangkalahatang pagbabatikos sa rehimeng Arroyo. Batay sa kanilang mga positibong paninindigan sa mga isyu, mas mabuti para kina Guingona at Legarda na huwag sumali sa anumang partidong oposisyon na bulok, oportunista at anti-mamamayan din tulad ng kanilang nilisan.

Pinakamaige na makipag-ugnayan ang dalawang lider sa mga progresibo at demokratikong pwersang nasa unahan ng mga prinsipyadong pakikibaka sa mga makabuluhang isyu laban sa naghaharing reaksyunaryong rehimen at sistema.

Umaasa ang PKP na marami pang kasapi ng Lakas ang susunod sa ipinakitang halimbawa nina Guingona at Legarda na walang takot sa pagbatikos at pagbubunyag sa mga kaso ng korapsyon, pagpapakatuta, militarismo at iba pang anti-mamamayang hakbangin ng Malakanyang.

Arroyo, primera-klaseng mamamayan ng US -- *Ambassador Ricciardone*

SA todong pagpapakapapet ni Presidente Arroyo sa US, pwede na nga siyang ituring na mamamayan ng bansang iyon. Ito mismo ang sinabi ni US Ambassador Francis Ricciar-

done sa harap ng Foreign Correspondents' Association of the Philippines noong Oktubre 1. Aniya, si Arroyo ay "isang primera-klaseng mamamayan ng United States..."

2 sundalong tumiwalag sa AFP, humarap sa midya

PORMAL na ipinrisinta sa midya noong Oktubre 5 ang dalawang sundalong tumiwalag sa AFP noong Agosto. Sina PFC Boboy Abduhasad at Cpl. Edward Quirante ng 29th IB ay humarap sa isang press conference na ipinatawag ni Jorge Madlos, tagapagsalita ng NDF-Mindanao para pabulaanan ang ulat ng AFP na pinatay sila ng BHB.

Tumiwalag sina Abduhasad at Quirante noong Agosto 7 sa San Luis, Agusan del Sur at nag-entrega ng siyam na malalakas na armas sa BHB. Kasama nilang tumiwalag ang iskwad ng CAFGU na kanilang pinamumunuan.

Reyes at Corpus, may bago nang pusisyon

BINIGYAN ng promosyon ang dalawang upisyal na kamakailan lamang ay napilitang magbitiw dahil sa mga kaso ng pasismo at korapsyon.

Hinirang ni Presidente Arroyo si dating Defense Sec. Angelo Reyes bilang *ambassador-at-large* para sa kontra-terorismo at si Gen. Victor Corpus bilang hepe ng Civil Relations Service ng AFP.

Ibinasura na ng rehimen ang imbestigasyon sa mga kaso ni Reyes. Tuwang-tuwa naman si Corpus sa kanyang bagong pusisyon dahil bagay na bagay daw ito sa kanyang kasanayan bilang eksperto sa saywar laban sa rebolusyonaryong kilusan.

Bilang ng maralita sa US, nadagdagan ng mahigit 1 milyon

MAHIGIT isang milyong mamamayan ng US ang nadagdag sa hanay ng mga maralita noong taong 2002, ayon sa Bureau of Census doon nitong Setyembre 26. Batay sa depinisyon nito ng maralitang mamamayan, lumaki ang kanilang bilang mula 32.9 milyon tungong 34.6 milyon mula 2001 hanggang 2002. Gayundin, tumaas ang tantos ng karalitaan nang mula 11.7% tu-

ngong 12.1% sa parehong panahon. Bumaba naman nang 1.1% mula 2001 ang kita ng abereyds na pamil-ya.

Salik sa tumataas na tantos ng karalitaan at pagbagsak ng kita ng mamamayang Amerikano ang tumataas na tantos ng disempleyo nitong nakaraang dalawang taon.



Taon XXXIV Blg. 17 Oktubre 7, 2003 www.philippinerevolution.org

Editoryal

Gloria Macapagal-Arroyo, numero unong ipokrita

Pahayag ni Gregorio "Ka Roger" Rosal Tagapagsalita, Partido Komunista ng Pilipinas Oktubre 4, 2003

I umero unong ipokrita si Macapagal-Arroyo sa pagsasabing napilitan lamang siyang magbago ng isip dahil sa "mas mataas na simulain" at tanggapin bilang "malaking sakripisyo" ang kapasya-

hang tumakbo sa 2004. Nakasusuka ang talumpati niyang hayagang pagsisinungaling sa harap ng mamamayang araw-araw na dumaranas ng katakut-takot na kahirapan sa pagkapapet, militarismo, korapsyon at kainutilan ng kanyang rehimen. Nakatambad sa harap ng sambayanang Pilipino kung gaano kalaki ang pakinabang na tinatamasa ni Arroyo at ng kanyang mga kasabwat sa poder sa patuloy na pag-upo niya sa trono ng Malakanyang.

Wala nang bago at kagulat-gulat sa pag-anunsyo ni Gloria Ma-capagal-Arroyo ng kapasyahan ni-yang tumakbo sa darating na halalan sa 2004. Matagal nang alam na alam ng buong bayan ang kanyang pagkagumon sa kapangyarihan na lubusan na niyang pinakinabangan. Tinatalikuran na tuloy siya ng nakapag-iisip na mga dating kaalyado.

Ang totoo'y hindi kaya ni Arroyo na talikdan ang milyun-milyong pisong nakakamkam niya at ng kanyang asawa bunga ng korapsyon at malalaking pribilehiyo sa negosyo. Hindi kaya ni Arroyo na talikdan ang bulong sa kanya ng diyos niyang si Pres. George W. Bush ng US na pikit-mata niyang sinasamba at pinagsisilbihan.

At ano ang mapapala ng sambayanang Pilipino sa



Mga tampok sa isyung ito...

Masaker sa Compostela Valley, kinundena

PAHINA 4

Milyun-milyong pisong nakawan sa PAGCOR PAHINA 6 Rebolusyonaryong unyonismo, lumalawak PAHINA 7